Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MAYO 12, 2017 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edwin C. Aceron | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer M. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member – **O.B.** |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 17-05-126

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NG NAMAYAPANG OSCAR LIM, DATING PUNONG BAYAN NG CALUYA, ANTIQUE**

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na balita ang yumanig sa mga mamamayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro noong ika-5 ng Mayo, 2017, Biyernes dahil sa pagpanaw ng dating Punong Bayan ng Caluya, Antique na si Kgg. Oscar Lim;

**"SAPAGKAT,** ang pagkakaibigan at pagtutulungan ng Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro at Bayan ng Caluya, Antique ay maaaring iguhit sa isang pahina ng kasaysayan at patuloy na pinahahalagahan sa paglipas ng panahon, sapagkat binuo ito ng matibay na tiwala at paninindigan anupaman ang pamamaraan;

**"SAPAGKAT,** bilang Punong Bayan ng Caluya, Antique ng mahabang panahon, siya ay aktibong tumulong at nanguna sa pagtataguyod ng proyektong pangkaunlaran na nakapagbigay saya at kaginhawahan sa kanyang mamamayan;

**"SAPAGKAT,** sa kanyang panunungkulan, sinikap niyang mailunsad ang ilang programang pangkabuhayan at pangkalusugan at mga proyektong nagdulot ng kapayapaan at tahimik na buhay sa bawat taong kanyang minahal at pinagsilbihan;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan at ito'y isang masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati subalit, masaya na ring isipin na siya ay kupkop na ng mapagpalang kamay ng ating Poong Maykapal; **kung kaya't dahil dito**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa mga naulila ng namayapang Oscar Lim, dating Punong Bayan ng Caluya, Antique;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Konsehal Elpidio N. Contreras, Jr. na pinangalawahan ni SB Member Guillermo G. Salas, Jr at SB Member Edezer F. Aceron, ang Kapasyahang ito ay …

**PINAGTIBAY":** Mayo 12, 2017, Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**DENNES M. TANER**
SB Member

**EDEZER F. ACERON**
SB Member

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**TULAY M. CARING**
IPM Representative.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**RAMON G. MAGBANUA**
Gumaganap na Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 5-18-2017

170518/PLP/jpc

Scanned with CamScanner